

Healthy smiles Ontario

Ano ba ang Healthy Smiles Ontario?

Ang Healthy Smiles Ontario ay isang libreng programa sa ngipin para sa mga kwalipikadong kabataang nasa edad 17 at mas bata.

Pagdating ng Enero 1, 2016, ang mga program na kabilang sa Healthy Smiles Ontario ay ang:

- Mga benepisyo sa ngipin para sa mga batang kasapi si Ontario Works;
- Mga benepisyo sa ngipin para sa mga batang kasapi sa Programa ng Ontario sa Pagsuporta sa Kapansanan (Ontario Disability Support Program);
- Mga benepisyo sa ngipin para sa mga batang kasapi sa Programa sa Pagtulong sa mga Kabataang May Malubhang Kapansanan;
- Programa para sa Kabataang Nangangailangan (The Children In Need Of Treatment Program);
- Healthy Smiles Ontario; at
- Mga serbisyo sa pangangalaga ng ngipin na inihahatid ng mga lokal sektor ng pampublikong kalusugan.

Sino ang kwalipikado?

Ang mga kabataang 17 at mas bata ay maaaring maging kwalipikado kapag:

- Sila ay mga residente ng Ontario; at
- Sila ay mga miyembro ng isang sambahayang nakakatugon sa mga pangangailangan sa kwalipikasyon ng kinikita.

Paalala: Ang mga batang 17 at mas bata ay awtomatiko ang kwalipikasyon at awtomatikong mae-enroll sa Healthy Smiles Ontario kapag natanggap nila o ng kanilang pamilya ang: Ontario Works, tulong sa Pansamantalang Pangangalaga (Temporary Care Assistance), Tulong sa Kabataang may Malubhang Kapansanan o ang Programa ng Ontario sa Pagsuporta sa Kapansanan. Ang kabataan na may ibang insurance coverage ay hindi na awtomatikong hindi sinasali.

Paano ako mag-e-enroll?

- Pumunta sa ontario.ca/healthysmiles
- Tumawag sa ServiceOntario INFOnline nang toll-free sa 1-844-296-6306 (TTY toll-free sa 1-800-387-5559)
- Maaari ka ring tulongan ng inyong lokal na sektor sa pampublikong kalusugan. Pumunta sa ontario.ca/healthysmiles upang malaman kung aling sektor sa pampublikong kalusugan ang naghahatid-serbisyo sa inyong lugar.

Kapag nakumpirma na ang pagpapalista, makakatanggap ka ng Healthy Smiles Ontario na dental card. Dapat ipakita ang dental card sa inyong dental provider sa bawat pagbisita upang makatanggap ng dental care na kasama sa programa.

Saan makakakuha ang aking anak ng dental care pati na rin ng emergency na dental care?

Kung mayroon kayong dentista, tumawag sa kanilang opisina upang malaman kung kalahok sila sa Healthy Smiles Ontario. Kung wala kayong dentista, tumawag sa inyong lokal na sektor sa pampublikong kalusugan para sa tulong. Pumunta sa ontario.ca/healthysmiles para malaman kung aling sektor sa pampublikong kalusugan ang naghahatid-serbisyo sa inyong lugar.

Ano-anong serbisyo ang kasama?

Sinasaklaw ng Healthy Smiles Ontario ang mga regular na pagbisita sa isang lisensyadong dental provider, gaya ng isang dentista o dental hygienist. Sinasaklaw nito ang mga dental na serbisyon tulad ng mga check-up, paglilinis, pagpapasta, x-ray at scaling. Sinasaklaw din ang agaran o emergency na mga problema sa kalusugan ng bibig ng Healthy Smiles Ontario.

Bakit mahalaga ang kalusugan ng bibig?

Maaaring maging masakit ang mga sira ng ngipin at sakit ng giligid at maaaring humantong sa malubhang impeksyon, na makakaapekto sa pagtubo ng adult na ngipin. Ang sakit ay maaaring magresulta sa kawalan ng tulog, ito rin ay maaaring makaapekto sa kakayahan ng bata na kumain, gayundin sa kakayahang matuto at pumasok sa paaralan. Ang malusog na bibig ay mahalaga para sa lakas ng loob ng inyong anak, sa kanilang kapakanan at pangkalahatang kalusugan. Iwasan ang mga problema sa bibig bago pa man magsimula ang mga ito!

Karagdagang Impormasyon:

- Bisitahin ang ontario.ca/healthysmiles
- O tawagan ang ServiceOntario INFOnline:

Toll-free: 1-844-296-6306

TTY toll-free: 1-800-387-5559

TTY Toronto lang: 416-327-4282